# Ang sinasabi ng assistant sa mga customer mo

Puwede mong basahin at baguhin ang mga salitang nababasa ng customer sa bawat bahagi ng usapan.

## Mga hakbang

1. Buksan ang Configure, saka ang What customers are sent.
2. Pumili ng mensahe para makita ang mga salitang ginagamit ngayon.
3. Palitan ang mga salita at pindutin ang I-save.

## Mabuting malaman

Sadyang tinatanggihan ang ilang pananalita. Halimbawa, hindi puwedeng sabihin ng mensahe na naka-book na ang trabaho bago ito tanggapin ng isang technician.

Hindi napapalitan ang tanong tungkol sa pahintulot at ang pananalita ng STOP, dahil sinusuri ito ng mga phone carrier nang salita por salita.

Hindi kailanman nakikita ng mga customer ang pangalang Orsa. Ginagamit ng texting assistant mo ang pangalang ibinigay mo, o sinasabi lang nito na assistant mo ito.

https://orshihq.com/help/what-the-assistant-says